

Pagbabago sa Pamasahe sa ST Express para sa Hulyo 2020

Lahat ng Adult trip \$3.25

Kapag bumalik na ang mga pamasahe, ang lahat ng regular na Adult ride sa mga ST Express bus ay magkakahalaga ng \$3.25, gaano man kalayo ang biyahe. Walang magbabago sa mga pamasahe para sa mga rider na gumagamit ORCA LIFT, Youth, at rider na may Mga Permit sa Pinamurang Pamasahe sa Rehiyon (Regional Reduced Fare Permit, RRFP – mga nakatatanda at rider na may mga kapansanan). Mababawasan ng 50 sentimo ang pamasahe ng mga Adult rider para sa mga biyahe na may dalawang county, habang madaragdagan naman ng 50 sentimo ang pamasahe ng mga Adult rider na sa iisang county lang ang biyahe.

Simula sa Hulyo 2020

	Lahat ng ruta ng ST Express
Adult (Nasa Hustong Gulang)	\$3.25
ORCA LIFT/Youth*	\$1.50
Nakatatanda/May Kapansanan*	\$1.00

* walang pagbabago sa kasalukuyang pamasahe

Available ang mga pinamurang pamasahe

Available ang mga pinamurang pamasahe para sa mga mababa ang kita, kabataan, nakatatanda, at rider na may mga kapansanan. Alamin kung kwalipikado ka sa [Soundtransit.org/fares](https://www.soundtransit.org/fares)

Bakit magbabago ang mga pamasahe sa ST Express?

Noong tagsibol 2016, inirekomenda ng mga naihalal na opisyal ng rehiyon na pasimplehin ang mga pamasahe para makapaghanda para sa Next Generation ORCA system. May 2 rekomendasyon:

- Alisin ang mga peak fare (pamasahe kapag peak hours) batay sa biyahe.
- Alisin ang mga pamasahe batay sa zone.

Noong 2017, may mga ipinagtibay ang King County Metro at Community Transit na pinasimpleng pamasahe. Tinanggap din ng Pierce Transit, Kitsap Transit, Everett Transit, at Washington State Ferries ang lahat ng rekomendasyong ito. Noong 2018, kumilos ang Lupon ng Sound Transit para pasimplehin ang mga pamasahe sa ST Express, nang may flat fare (hindi nagbabagong pamasahe) para sa kabataan, ORCA LIFT, mga nakatatanda, at rider na may mga kapansanan na magkakaroon ng bisa sa Hulyo 2018, at mga flat fare para sa mga Adult ride na magkakaroon ng bisa sa Hulyo, 2020.

Paano napagpasyahan ng Sound Transit ang flat fare?

Noong 2018, nagsagawa ang Sound Transit ng proseso ng pagbabago sa pamasahe, pati ng outreach sa publiko at pagsusuri sa Title VI, na nagpapanukalang alisin ang mga pamasahe batay sa zone para sa ST Express. Sa outreach, malaking bilang ng publiko ang sumuporta ng pinasimpleng flat fare.

Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa pagbabagong ito sa pamasahe sa [Soundtransit.org/flatfare](https://soundtransit.org/flatfare)

Hanapin ang pinakabagong impormasyon

Mag-sign up para sa Mga Alerto sa Rider sa text/email sa soundtransit.org/subscribe

Subaybayan ang blog ng Sound Transit sa soundtransit.org/platform

Subaybayan kami sa [Twitter](#)

Mga Pangkalahatang Tanong ng Rider



main@soundtransit.org
1-888-889-6368, TTY Relay 711
Lunes - Biyernes, 7 a.m. hanggang 7 p.m.

Tulong sa Wika



Para sa nakasaling impormasyon tungkol sa isang proyekto o serbisyo sa transportasyon, tumawag sa linya para sa wika sa **1-800-823-9230** sa mga karaniwang oras ng negosyo: Lunes-Biyernes, 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m.

Dapat isaad ng tumatawag ang wikang kanyang ginagamit sa kinatawan ng serbisyo sa customer, na siyang kukuha ng tagasalin. Magkakaroon ng three-way na tawag sa pagitan ng taong humihingi ng tulong, tagasalin, at kinatawan ng serbisyo sa customer.

Mga Karapatan at Reklamong Sibil



Pinapatakbo ng Sound Transit ang mga programa at serbisyo nito nang walang pinipiling lahi, kulay, o pinagmulang bansa alinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act. Alinsunod sa mga kinakailangan sa Title II ng Americans with Disabilities Act ng 1990 (ADA), hindi mandidiskrimina ang Sound Transit sa mga serbisyo, programa, o aktibidad nito batay sa kapansanan. Ang sinumang naniniwalang nakaranas siya ng diskriminasyon na labag sa batas para sa mga dahilang ito ay puwedeng maghain ng reklamo sa Sound Transit. Makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa Title VI Policy ng Sound Transit at mga patakaran sa paghahain ng reklamo sa Title VI o ADA sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa 800-201-4900; TTY Relay 711
- pag-email sa stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org
- pagpapadala ng liham sa Sound Transit, Attn: Customer Service, 401 S. Jackson St. Seattle, WA 98104